

43/10.11
MAIN LIBRARY
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
QUEZON CITY
JAN 6 1993

# UJÓS

1, 1987

## NILALAMAN

**Editoryal**:
Ang Rebolusyonaryong Sining at Panitikan
*Sa Panahon ng Rehimeng US-Aquino* 5

**Kasaysayan**:
Ang Mahabang Martsa ng Bagong Hukbong Bayan
Sa Cagayan Valley, 1976-78 8
*Ruth Firmeza*

**Maikling Kwento**:
Palos 20
*Guia Roja*
Sa Pamumulaklak ng Tabako 26
*Angel Fuerte*

**Tula**:
Pasilangan ang Ihip ng Kanta 35
*Servando Magbanua*
Puting Mapa? 38
*Lionil Pedro*
Tangkong Baka 41
*Rosa Labrador*
Baryo Bagong-Tubig 43
*P. Mujeres*
Seremonya ng Takipsilim 44
*Jason Montana*

GIFT

**Panitikang Banyaga:**
Bus Numero 38 49
*Manlio Argueta*

---

**SA KOBER:** Inilalarawan ang sigla, lakas at tatag ng Bagong Hukbong Bayan para sa higit pang pagpapaibayo ng armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa panahon ng paghaharing US-Aquino.

---

**Inilalathala ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) at National Democratic Front (NDF).**

## EDITORYAL

# Ang Rebolusyonaryong Sining at Panitikan Sa Panahon ng Rehimeng US-Aquino

MAKARAAN *ang mahigit labintatlong taon ng direktang pasistang* paghahari ng pangkating US-Marcos, na napatalsik sa pamamagitan ng pag-aalsa ng mamamayan noong Pebrero 1986, humalili sa *kapangyarihang pang-estado ang isa namang rehimeng may pos*turang liberal pero katulad din ng nakaraang rehimeng naninikluhod at sunud-sunuran sa dikta ng imperyalismong US at kumokontra sa mga adhikaing pambansa at demokratiko ng sambayanang Pilipino. Lalong pinag-iibayo ng bagong rehimeng asendero-komprador ang paninibasib sa mga rebolusyonaryong pwersa para sugpuin ang armadong pakikibaka at hayag na kilusang masa, laluna ng mga manggagawa at magsasaka. Sa pamamagitan ng mas maigting na militarisasyon, repormismo, parlamentarismo, histeryang antikomunista at iba pang reaksyonaryong programa't pakana, tinutupad nito ang istratehiyang "low intensity conflict" o "total war" (gerang lahatang-panig) sang-ayon sa kontrarebolusyonaryong programa ng imperyalismong US sa mga malakolonya nito, kabilang na ang Pilipinas.

Nananatiling malakolonyal at malapyudal ang kaayusang panlipunan ng bansa. Ang pulitika, ekonomya at kultura ng bansa ay patuloy na kinokontrol ng imperyalismong US at lokal na malalaking panginoong maylupa at komprador burges. Makatarungan lamang na ipagpatuloy at pag-ibayuhin ng mamamayang Pilipino ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa ng mga manggagawa, magsasaka at nakabababang petiburges at ng kanilang mga kaalyado sa hanay ng mga panggitnang pwersa, makakamit ng mamamayan ang kanilang adhikain para sa pundamental na mga pagbabagong panlipunan. Nasa pagsisilbi sa mga adhikahing ito ang katuturan ng pakikibakang parlamentaryo sa loob at labas ng gubyerno.

Kasangkapan ng mamamayang Pilipino sa kanilang pakikibaka ang rebolusyonaryong kultura. Tulad sa nakaraang ilang dekada ng pagsusulong ng rebolusyong pambansa-demokratiko, ang




rebolusyonaryong sining at panitikan ay patuloy na nagsisilbi sa pagwasak sa kulturang kolonyal at pyudal ng mga naghaharing uri at sa pagbubuo ng kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa para mapalaya ang kaisipan at damdamin ng mamamayan sa gapos ng reaksyonaryong kultura at kumilos sila tungo sa pagbabago. Sa pamamagitan ng rebolusyonaryong sining at panitikan, pinalalaganap ang pambansang demokrasya sa paraang makasining, maigting at sagana sa pintig ng buhay, karanasan at adhikain ng nakikibakang mamamayan. Ang pag-unlad, paglaganap at ibayong paghusay ng rebolusyonaryong sining at panitikan sa kanayunan at kalunsuran sa loob ng nakaraang ilang taon ay patunay sa kahalagahan nito sa pagsusulong ng pakikibaka ng sambayanan.

Maliwanag na tagumpay sa larangan ng rebolusyonaryong sining at panitikan ang pagkakatatag noong unang buwan ng taong ito ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS), ang lihim na organisasyong pambansa-demokratiko ng mga makabayang artista't manunulat sa nayon at lunsod ng kapuluan. Bilang kasapi ng National Democratic Front (NDF), itinataguyod nito ang pangkalahatan at partikular na programa ng (NDF), laluna sa pagbubuo ng kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa sa pamamagitan ng rebolusyonaryong sining at panitikan. Sa pagkakabuo ng pambansang organisasyong ito, kinikilala ang kahalagahan ng partikular na rebolusyonaryong kilusang masa ng mga artista't manunulat para sa pambansang demokrasya, kasabay ng pagkilala sa kahalagahan ng sining at panitikan bilang kasangkapan sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa sambayanan para sa *rebolusyon*.

Nahaharap ngayon ang mga rebolusyonaryong artista't manunulat sa bagong kalagayan na pinag-iibayo ng rehimeng US-Aquino ang paggamit sa reaksyonaryong kultura bilang bahagi ng programang "low intensity conflict" para ikalat ang mapanlinlang na repormismo, rekonsilyasyon, parlamentarismo, histeryang antikomunista at popularidad ni Aquino mismo bilang "sentrista." Kailangang ilantad at salungatin ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat ang maka-imperyalista't kontra-mamamayang mga programa at ideyang ito at itanghal, sa pinakamayamang paraan ng sining at panitikan, ang mga pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang demokrasya, samantalang ipinaglalaban ng mga artista't manunulat ang sarili nilang kagalingang panlipunan. Bilang mga malikhaing propagandista, kailangang palaganapin nila sa sambayanan ang mga simulain ng pambansang demokrasya, mahigpit na alamin ang buhay at pakikibaka ng mamamayan, at tunay na makiisa at magsilbi sa mga anakpawis, ang mga manggagawa't magsasaka, silang nasa unahan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Mula sa kanila, at para sa kanila, ang mga dakilang likhang pansining at pampanitikan ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat ng Pilipinas.

— PATNUGUTAN



—*Kasaysayan*—

# Ang Mahabang Martsa ng Bagong Hukbong Bayan Sa Cagayan Valley, 1976-78

ni Ruth Firmeza



SA HILAGANG BAHAGI ng ating bansa, ang kasaysayan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Cagayan Valley ay tigib ng mahahabang martsa ng mga platun at kumpanyang gerilya at ng masang nakikibaka. Buong dahas silang tinugis at pinilit lipulin ng may 15,000 tropa ng diktadurang US-Marcos mula nang ipataw ang batas militar noong 1972.

Ang Mahabang Martsang tumahak sa may 370 kilometro, tumagos sa may 25 bayan sa tatlong probinsya ng Cagayan Valley sa loob ng dalawang taon ay maituturing na panandang-bato sa kasaysayan ng pakikibaka at rebolusyon ng ating bansa.

## Ang Simula ng Martsa

Bago pa man ipataw ang batas militar, nagsimula na ang Mahabang Martsa sa maliliit na martsang paatras ng mga platun ng hukbong bayan. Nag-ibayo ito nang magipit ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga gerilya at kailanganin nilang lumipat at maging makilos para makaiwas sa ganap na pagkalipol o pagkawasak. Pero lalong nagkahugis ang martsa nang magkaipun-ipon ang malalaking pormasyong armado at di armado sa isang lugar na mahigpit na kinukubkob ng kaaway. Kinailangan ang istratehikong paglipat para maipreserba ang lakas, makaiwas sa kaaway at muling makasulong.

Noong Abril 1972, ganap nang nilisan ng platun ng Nueva Vizcaya ang kanilang teritoryo para pansamantalang iwasan ang tumutugis na kaaway, at humimpil sila sa probinsya ng Quirino. Isang martsa itong tumagos sa 65 kilometro. Mula dito, ilang beses silang sumulong hanggang sa kubkubin ng militar. Napilitan silang magmartsa ng may 58 kilometro sa hangganan ng Isabela at Aurora noong 1974.

Samantala'y hindi lamang sila ang nagdanas ng bangis at atake ng kaaway. Ang Ikaapat na Platun ng kanlurang Isabela ay napilitan ding magmartsa ng may 70 kilometro para makaiwas sa isang batalyong kaaway. Hinabol sila hanggang makatawid sa kapatagan ng Tabacal at Mallig noong mga unang buwan ng batas militar. Masasabing higit pa rin silang mapalad, dahil noong Setyembre 1973 ay nalipol ang Ikalimang Platun na nasa pagitan ng Isabela at Ifugao.

Hindi ipinapaalam ng rehimen ang mga pagtutugisan at



pagkawasak ng mga pormasyon sa pagitan ng BHB at AFP noong panahong iyon na ang balitang lumalaganap sa pamamagitan ng usap-usapan ay mas kapani-paniwala kaysa mga ulat ng masmidya na kontrolado ng diktadura. Walang balita sa buong bansa nang sapilitang palikasin ng AFP ang may 50,000 mamamayang naninirahan sa kagubatang rehiyon ng Isabela. Sino nga ang mag-aakalang mahigit sa 500 gerilya ng hukbong bayan at 2,000 aktibistang masa ang lumaban sa pinalalaking pwersa ng AFP noong panahong iyon?

Hindi rin ibinalita na noon nabuo ang Task Force Palanan ng militar. Noon din nabuo ang 1st Brigade ng 1st Army (Tabak) Division ng AFP na suportado ng Task Force Lawin (naging Task Force Saranay) at umabot sa may 15,000 tropa. Iyon ang panahong tahimik ang mga nangangantiyaw ngayon sa BHB sa naging papel nito sa pagbabalikwas ng Pebrero. Hindi sila kumikibo noon habang binobomba ng mga dyet, helikapter at barkong pandigma ang hukbong bayan at ang masa. Ano nga ba ang buhay ng 500 rebeldeng gerilya at 50,000 mamamayang anakpawis ng Cagayan Valley noong panahong iyon na hindi pa man lamang naaaninag ang sinasabi nilang tagumpay sa EDSA?

Habang nakakulong noon o nagsisipagtago ang mga oposisyonista, pinilit wasakin ng may 15,000 tropa ng AFP ang pinakamalaking baseng masa ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas na umaabot sa kalahating milyon,. Sa baseng gerilya pa lamang, bago ito palikasin, umabot na sa 2,000 ang armadong mamamayan na nakapagtayo ng sariling gubyerno. Kaya nga hindi sila mapapayagang lumago ng imperyalismong US at ng alagad nitong si Marcos. Buong bangis itong umatake para igupo ang hukbong bayan sa sulok na ito ng Pilipinas.

Mula 1974 hanggang 1975, ang Ikatlong Pulang Kumpanya na nakaposisyon sa Aurora ay nakipaggitgitan sa dalawang batalyong pwersa ng 55th Philippine Constabulary (PC) Rangers at 20th Infantry Batallion (IB). Maningning ang rekord ng kumpanyang ito. Lumipol sila ng may 200 kaaway at nakasamsam ng mga 100 armas, kahit di pa rin sapat ang kanilang lakas para tumbasan ang lakas ng kaaway.

Kinailangan nilang magmartsa noong Marso 1975 para maiwasan ang mabalasik at sobrang lakas na pwersa ng AFP. Ginamitan sila ng kaaway ng mga dyet, helikapter at artilyeri. At para gipitin ang mga gerilya, buong dahas na pinaebakwet ng militar ang masa. Mabilis namang nagdalawang grupo ang pwersang gerilya. Ang Red Detachment (RD) 4, kasama ang mahigit sa 200 aktibistang masa, ay umatras sa Isabela. Gumawi naman ng Nueva Ecija ang RD 5. Binagtas ng RD 4 ang 42 kilometrong bundok, bangin, ilog, at iniwasan ang humahabol na kaaway na naghuhulog ng bomba.

Samantala, tinagos ng RD 5 ang may 135 kilometro habang



walang humpay na nakikipaglaban, hanggang marating nila ang Nueva Ecija noong huling hati ng 1975. Patuloy silang tinugis, binakuran at sinalakay ng 55th PC Rangers, sila ang naging binhi ng mga larangang gerilya na mauunlad na ngayon sa silangang Gitnang Luzon. Sa 55 mandirigma at kumander, pito na lamang ang natitira noong 1977.

Masaklap ang kinahinatnan ng mga aktibistang masa na naiwan sa Aurora. Sila ang ginantihan ng kaaway. Aabot sa 100 ang minasaker, tinortyur at ginahasa ng mga tropang nag-operasyon sa iniwang mga purok. Namatay na lumalaban ang mga naiwang gerilya na nagdepensa sa mga purok na iyon laban sa salakay ng AFP.

Ang paglipat sa Isabela ng mahigit sa 200 aktibistang masa at isang platun ng gerilya ay nagpalubha sa gipit nang kalagayan ng naroong tatlong kumpanya ng BHB. Kinakapos sila sa pagkain dahil sa kawalan ng tao, blokeyong pangkabuhayan at paghahamlet, at dahil sa walang tigil na kampanya ng pagdurog at pagwasak na

isinasagawa ng kaaway. Naging mas mahirap pa ang kalagayan dahil ang Isabela noon ay nagsisilbing baseng pisikal at militar ng hukbong bayan.

Ang may 500 mandirigma ng BHB sa Cagayan Valley noong 1972 ay naging halos isang kumpanya na lamang noong 1975. Pero nadagdagan sila ng mga bata, matanda, kababaihan at mga dating aktibistang masa. Mula sa 2,000 armadong mamamayan noong kalakasan ng baseng gerilya, naging iilampu na lamang sila pagkaraan ng tatlong malulupit na kampanyang militar ng AFP. Napilitang ikalat ng *regional operational command* (ROC) ng BHB ang nadagdagang mga platun na nakatoka sa gawaing masa. Dumami nga sila pero ang nadagdag naman ay di armadong pwersa. Alam ito ng kaaway kaya't lalo pa nitong pinatindi ang pagsalakay.

Sa yugtong iyon ng buhay at kamatayang pakikibaka ng hukbong bayan at ng masa, ang mga pusakal na opiser ng AFP tulad nina Honasan, Kapunan at iba pang "repormista" na idinistino sa Isabela noong 1972-76 ay nakakuha ng mga liksyon at karanasan sa kontrainsureksyon. Itinuring ng Joint United States Military Advisory Group o JUSMAG na malaking tagumpay ang pagkawasak ng baseng gerilya sa Isabela. Noong panahong iyon, ang nabanggit na base ay isa sa iilampung larangan ng hukbong bayan sa buong bansa.

Dumanas ng katakut-takot na hirap, pagsubok at panganib ang rebolusyonaryong pwersa. Ang mga kabataang aktibista na nagmula pa sa iba't ibang sulok ng bansa ay naging matanda na sa tindi at hirap ng digma, dahil hindi lamang mga armas ng kaaway ang hinarap nila kundi pati sakit, gutom, pagod at iba pang mabibigat na pagsubok sa kakayahan at katatagan ng mga kasama. Namatay sa sakit si Eddie Rodriguez, isang kadre mula sa Negros. Nagpakamatay sa pagbibigti si Ka Along. Nagbaril sa sarili ang isang kadreng taga-Tanay, Rizal dahil hindi na matiis ang malarya.

Halos tig-iisang magasin na lamang ang bala ng kanilang mga baril. Labanang gasgasan nga ang labanan. Aabot sa 1,500 ang napatay sa panig ng kaaway, pero halos walang nasamsam na armas ang mga gerilya sa Isabela dahil wala doong epektibong baseng masa ang hukbong bayan. Nakahamlet noon ang mamamayan sa kabila ng Ilog Cagayan. Para marating iyon, kailangang tumawid sa mga kampong hamlet na namumutiktik sa mga Scout Rangers at tauhang paramilitar ng Civilian Home Defense Force o CHDF. Ang pagpipilit na maabot iyon ay parang pagpasok ng kamelyo sa butas ng karayom.

Masinsin ang bakod sa pagitan ng mga bayan sa labas ng kagubatang rehiyon. Aabot sa 150 baryo ang may kampo. Ang lugar na pinakamakapal ang kaaway ay ang rutang pahilaga, na ang 42 baryo ay tadtad ng CHDF at mga regular na tropa ng AFP.

Sa harap ng ganitong kalagayan, disidido pa rin ang ROC na magtayo uli ng baseng gerilya. Noong huling parte ng 1975, inilatag ang pwersa para likhain ang sentral na distrito sa harap ng panibagong pag-atake ng kaaway: ang ikaapat na kampanyang pinamunuan ni Koronel Teodolfo Bautista. Muntik nang madurog ng operasyong iyon ang isang kumpanya ng hukbong bayan.

Noong unang hati ng 1976, wasak na ang isang platun ng Unang Kampanya. Wasak na rin ang mga baryong kinikilusan nila. Mga 40 ang nasawing kadre at mandirigma. Ganoon man, nasa kasagsagan pa rin ang pagtatayo ng baseng gerilya. Mabuti na lamang at mga armalayt na ang kipkip at sakbat ng bagong platung regular, at suporta na lang ang mga gutom na M14. Pero isa pang hambalos ang nakagimbal sa lahat. Nahuli sa Maynila ang pamunuan ng rehiyon at aktibo na silang ginagamit ng kaaway. Lalong lumala ang demoralisasyon sa hanay ng mga kasama. Ganoon man, ang makapal na kagubatan ng Isabela, hanggang noong mga araw na iyon, ay mapagkupkop pa ring kublihan ng rebolusyonaryong pwersa na naaarmasan ng tibay ng loob at kapasyahang patuloy na makibaka.

Pinatindi pa ng kaaway ang ikaapat na kampanya. Ang bagong dating na 21st IB ang pumalit sa 17th IB. Pinangalanang "Tactical Control HQ" ang hedkwarter nila para tukuying paubos na ang pwersa ng hukbong bayan. Sa kampanyang ito, tumaas ang ranggo ni Bautista: ang koronel ay naging heneral.

Sa pangkagipitang pulong ng bagong tatag na komite ng Partido na siya ring tumatayong ROC, nagdisisyon ang mayorya sa kabila ng matinding pagtutol ng isa sa mga nagbalangkas ng pagtatayo ng sentral na distrito. Nagsimulang lumikas ang duguan at pagod na pwersang nakubkob nang may limang taon sa kagubatan ng Isabela. Noong mga sandaling iyon, naging kulungan na ang kublihan at kinailangan nang takasan.

**Ang Martsa ng Pakikibaka**

Naunang lumikas ang may 30 kataong pwersa ng ROC kasama ang istap nito. Naiwan ang iba pang grupo ng Partido na namamahala sa may ilang daan pang natitira sa kagubatang rehiyon. Sumunod ang mga 80 katao noong bandang Hulyo. Hanggang Disyembre, mga 200 ang nailipat sa pagitan ng Ilagan at Tumauini sa Isabela noong 1976.

May nagpaiwang pwersa, halos kasinlaki ng kumpanya, para patuloy na ipako ang kaaway na gumagalugad sa kagubatan sa pag-aakalang naroroon pa ang buong pwersang hinahanap. Pagpasok ng 1977, ang sangkatlo ng 200 kataong pwersa ay nasa pagitan na ng Isabela at Cagayan. Noong Enero, isang iskwad ng di armadong pwersa ang mahigpit na niyakap ng mga sumalubong na yunit-pagpapalawak ng platun sa dulong hilaga na nakahimpil sa Baggao, Cagayan.

Ang mga bundok ng Cresta, Twin Peaks, Catesco at Cagayan Peaks, ganoon din ang rumaragasang ilog ng Inacanauan na kailangang tawirin ng kung ilang ulit, ay saksi sa mga sugatang paa, bakbak na likod at kumakalam na sikmura ng mga nagmamartsa.

Sa daan, sinasalakay sila at tinatambangan ng kaaway, hinahabol ng mga Scout Rangers o ng mga nangmamasinggang helikapter. Nang lusubin ng kaaway ang himpilan sa Tamauini, anim na mandirigmang kinabibilangan ni Arnulfo Resus, isang kabataang Metodista, ang napatay sa labanan. Ang matatanda at pati mga bata na abutan sa kagubatan ay hindi pinaliligtas ng kaaway. Basta na lamang sila pinapatay. Maraming bata ang nalagutan ng hininga sa daan o habang ipinapanganak, at masasabing higit pang mapalad ang mga di na naisilang sa daigdig.

Bukod sa armas ng kaaway, kalaban din ang gutom at pagod. Nakakapilay, nakakasugat, nakakasagabal sa pagmamartsa ang mga ilog na liku-liko, ang mga talon, matatarik na bangin at masusukal na gubat, pader na batong mahahalikan mo pag-akyat at gumugulong na mga bato. Ang malalalim na ilog at sapang matutulin na laging may bantang panganib. Higit na pahirap sa





lahat ang kawalan ng pagkain: pilit nginunguya ng matatanda ang makakating ugat-baging habang tulo-luha't uhog ang mga bata sa kaiiyak nila at pag-asam na makakain ng bagoong.

Kaya nga nang makasapit na sa kagubatan ng Baggao ang mahigit sa 100 kasama na may dalang 70 armas, doon sila humimpil. Idinaos ang Unang Kumperensya ng Hilagang-silangang Luzon, at doon ay pinag-ukulan ng taimtim na pagpupugay ang mga martir at bayani ng digmang bayan at ng Mahabang Martsa: ang mga batang nagbuwis ng buhay, ang mga sanggol na nautas habang ipinapanganak, ang hindi na dinugong kababaihan, ang mga kadre at mandirigmang buong giting na nakipaglaban at ang mga nalalabi sa nagpapatuloy na dakilang pakikibaka.

Hindi pa nga dito huminto ang paglalakbay. Bukod sa 40 nagbuwis ng buhay, may nalagas pa sa muling paglarga ng pwersa pahilaga, mga kasamang nagsakripisyo ,para makaposisyon nang

husto ang rebolusyonaryong pwersa. Ang Task Force Rebel Hunter, na pinangalanan ng ganoon dahil sa pagkadakip kay Bernabe Buscayno, ay sapilitang nagpalikas sa mamamayan ng 25 baryo sa Cagayan.

Hindi pa umiinit ang puwit sa pagpapahinga ng pwersang gerilya at ng masa, isang bagong kumpanya ng AFP ang siya namang bumayo. Tinawag na Oplan Tag-Araw ang kampanyang ito na pinamunuan ni Antonio Palafox (ngayon ay heneral na kilalang loyalistang Marcos-Enrile). Sinalakay uli ng AFP ang nananahimik na mamamayan ng Cagayan. Kahit hindi pa sila nakakakita ng gerilya ay pinagbububugbog na ng mga sundalo ng 20th at 21st IB, at pinagbibintangan nang subersibo.

Sa silangang Cagayan, pinaebakwet ng 21st IB ang may 50 baryo na mga 25,000 ang populasyon. Pinatay nila ang mga 11 magsasaka, winasak ang mga bahay, at umabot sa 1.8 milyong piso ang halaga ng ari-ariang kanilang pininsala. Tag-araw ng 1978, bago mag-eleksyon para sa Interim Batasang Pambansa, ipinagyabang nilang wala na raw BHB sa Cagayan.

Lumikas uli ang di armadong pwersa ng hukbong bayan na suportado ng 26 na armadong gerilya. Binagtas nila ang Cagayan Peaks papuntang Gonzaga, ang bayan ng dating Minister ng Depensa na si Juan Ponce Enrile. Hindi maipagkakaila ni Enrile na ang mga gerilya ng BHB ay nakarating sa mismong bayan niya at doo'y kinupkop ng masa.





Pero ang Mahabang Martsa ay patungo na sa pagpapalawak para makapag-organisa. Hindi na ito martsa ng pag-iwas. Humihimpil at nagiging sibilyan uli ang maraming kasama, lalo na ang matatanda na o kaya'y masyadong bata pa. Ang kabataan ang naitatalaga sa mga yunit panlaban o kumikilos na tagaorganisang malaligal. Sila ang nagiging bagong binhi ng rebolusyon sa Cagayan, Apayao at Ilocos Norte, pati sa Nueva Vizcaya at Isabela na kailangan nilang balikan. Hindi lamang Gonzaga ang kanilang destinasyon kundi pati ang mga kalapit nitong bayan at ang kanlurang Cagayan at Apayao sa ibayo ng malalim at mapanganib na Ilog Cagayan. Sa panahong ito ng pagpapalawak, sa gitna ng Oplan Tag-araw, 24 pang martir ang nagbuhos ng dugo sa martsa patungong Gonzaga. Sila at ang mga naunang napugtuan ng hininga sa pakikibaka ang mga hakbang ng Mahabang Martsa na nagtapos sa mahigpit na yapos ng masa.

**Ang Pagsulong ng Martsa**

Hindi masasabing hindi na muulit ang Mahabang Martsa. Noong 1984, isang ginigipit na kumpanyang gerilya ang nagmartsa papuntang kanluran para banatan ang kaaway sa mahina nitong bahagi. Martsa na iyon ng pagsalakay. Nitong 1986, pumaltos ang Oplan Pegasus, isa na namang kampanyang kontrainsureksyon.

Ang 70 kilometrong pag-ikot at pagmamaniobra ng kumpanyang gerilya ay mumunting ikot ngayon ng maliliksi at pasalakay na maniobrang yumayanig sa AFP.

Pagkatapos ng Mahabang Martsang naglagos sa 370 kilometro, lalong naging makabuluhan ang pagbubuwis ng buhay ng mahigit sa 300 kadre at mandirigma sa walong pakikipaglaban ng rebolusyonaryong pwersa ng Cagayan Valley mula 1969 hanggang 1977.

Sa Ikatlong Pulang Kumpanya, dadalawa nang gerilya ang nalalabi, dalawang nakakumpleto ng Mahabang Martsa at ngayo'y mas aktibong namumuno sa mga larangan. Noong 1979, 21 na lamang ang natitira sa 200 nagmartsa mula Isabela. Nakumpleto nila ang 165 kilometro sa Mahabang Martsa. Pagdating ng 1986, hindi na sila hihigit sa sampu.

Ngayo'y wala na ang Una, Ikalawa at Ikatlong Kumpanya, wala na ang RD 4 at RD 5, ganoon din ang Platun ng Dulong Hilagang Isabela, na pare-parehong nakibaka sa diktadurang US-Marcos. Pero naririyan ang Joel Sibbaluca Company ng Cagayan at ang mga pwersang gerilya sa iba't ibang parte ng kapuluan. Patuloy na nagmamartsa tungo sa tagumpay.

---

8 Agosto 1986

(Si Ruth Firmeza ay beterano ng armadong pakikibaka sa Hilagang Luson. Ang sanaysay ay isinaayos ng patnugutan mula sa orihinal na manuskrito.)

# Palos

**ni Guia Roja**

BUWALIN NA RAW si Palos!

Bukambibig ng mga bantay-palaisdaan ang matandang mangingisda na may umang na bukatot sa wawa ng Ilog Sapsap. Ayon sa sabi-sabi, lalung-lalo na sa mga propitaryo, pusakal na pirata si Palos at marami ang takot sa kanya. Bagama't sinasabing may edad na, malaki siyang lalake at matipuno ang pangangatawan. Kayang-kaya niyang magtaob at magtihaya ng bangka sa pampang kahit nag-iisa.

Diumano'y prente lang ni Palos ang pag-umang sa bukatot. Totoo ngang matagal na niyang hanapbuhay ang palakayang nabanggit pero kasabay nito ang pangingitid sa palaisdaan ng may palaisdaan. Ang masama pa, pati ang apong binatilyo ng matanda ay kinakaladkad sa pangungulimbat ng isda. May mga nagpapasa ng datos at humihiling sa Hukbo na ibuwal na ang matandang mangingisda. Ang kilabot na si Palos.

"Hindi na dapat nagtatagal sa



mundo ang ganyang klase ng tao," anila.

"Dapat sa kanya'y ipakain na sa talangka," diin naman ng isang propitaryo na kahit minsa'y di pa nakakakita ng Hukbo.

Banayad lamang ang tugon ni Ka Alfon sa mga naiinip: "Palalimin pa ang pag-i-es-ay." Siya ang kumand ng yunit na kabilang sa Bagong Hukbong Bayang kumikilos sa baybaying iyon ng lalawigan.

Alam ng buong baryo na si Palos ay nag-aari ng mga paupahang bangka at makina. Nakapagpundar na siya ng anim na lunday, isang desisais na generator, isang galadgaran at isa pang makinang Fuzo na 4-D-R-5. Natural ngang pag-isipan nang di mabuti ang isang ordinaryong mangingisda tulad ni Palos. Kung tutuusin, may panimulang batayan ang mga sumbong sa kaso ng sinasabing mangingitid. May mga naiinip nang makarinig ng balita. Si Mariano Malusak, alyas Nano, alyas Palos ay tila patay na



kalabukab na lumulutang sa tubig.

"Hihintayin pa ba nating makapagtago si Palos?" sabi ng mga mainipin. "Nararamdaman na 'ata niyang mainit na siya sa mga Kaka, anang propitaryong minsan ma'y di pa nakakaharap ng Hukbo. "Aba'y malaking perwisyo na ang ginagawa niya sa palaisdaan ko. Galitan na kaya ng leeg. Laslasin ang lalamunan nang di pamarisan. Kung makakausap ninyo ang mga Kaka, mainam pa kamong banatan na si Palos," sudsod nito sa kanyang mga bantay-palaisdaan, na nauugnayan ng Hukbo.

"Huwag po kayong masyadong mag-apura," paliwanag naman ni Ka Alfon nang maikwento ng bantay ang sinabi ng propitaryo. "Kailangan po natin ang kongkretong imbistigasyon. Hindi naman po tayo naging Hukbo para lamang pumatay. Kailangan po natin ang obhetibong disisyon."

Dalawa pala ang bahay ni Mariano Malusak. Bukod sa kubo niya sa wawa ng Ilog Sapsap, kasuno niya sa bahay ang matanda na ring asawa. Isa sa lima niyang anak ang nabiyuda at ang mga apo niya rito ang sinusustentuhan. Mula rin sa angkan ng mahihirap na mangingisda, tanging si Palos lamang ang nakaluluwag sa kabuhayan kung ikukumpara sa kalagayan ng kanyang pitong kapatid. Sa kabilang banda'y mabait daw naman itong kaanak at madalas na maging takbuhan kung nagigipit sa kabuhayan ang mga kapatid.

At nakumpirma na rin ng masa na si Palos ay nakapagpundar na rin at naaarmasan ng baril kwarenta'y singko. Sa loob ng mahigit na dalawampung taong paghahanapbuhay ni Palos, hindi raw iilang beses nang nasasabat ito sa lawa ng palaisdaan. Pero mahirap siyang sukulin. Masyadong madulas. Kaya siguro nabansagang Palos. At hindi naman ito kataka-taka. Dahil taal na mangingisda, laking-ilog at napakalakas ng loob. Sa tipo niyang iyon, handa siyang pumatay at mamatay kung masusukol at may mangangahas humuli sa kanya sa pangungulimbat ng isda.

Hatinggabi'y nakatanggap ng mensahe sa radyo sina Ka Alfon. Inaapura sila ng tumatawag. Natyempuhan ng bantay-palaisdaan si Palos.

"Dalian ninyo, Ka Alfon. Baka siya makaalis. Nasa lawa siya at nagkadkad ng kitid. Wala akong kasama rito, hihintayin ko kayo!"

Para namang iisang katawang kumilos ang buong yunit na pinamumunuan ni Ka Alfon. Sukbit ang kanilang mga gamit, gabi man at umaambon ay tumugpa sila sa bangka. Sa tantya ni Ka Alfon, isang oras ding tatakbuhin ng bangka ang kinaroroonan ng tumatawag. Kailangang mahuli sa akto si Palos. At papalakas man ang ambon ay sinagasa nila ang lamig at dilim. Sapak na sapak ang pagkakahirit ng makina. Sumisibad ang bangka at nabubulabog ang mga isda sa tubig. Manaka-naka'y malulundagan ang bangka ng mga isdang kapak at mararamdaman na



lamang ng mga kasama ang pagtama nito sa mga hawak na armalayt.

"Huhulihin natin siya nang buhay," atas ni Ka Alfon.

Malayo pa sa kubo nilang pakay, sinalubong na sila ng pataysinding lente. Kilala nila ang kontra-senyas ng bantay at nabuo ang kutob ni Ka Alfon.

"Lintik!" bulalas niya, "nakaalis na ang target."

"Talagang madulas ang lintik," sabi ng isa pang kasama.

Hindi pa halos nakapupundo ang bangka ay tumugpa na ang bantay.

"Sundan natin si Palos sa kanyang kubo," ang nagaapurang sabi ng kontak na bantay. "Aabutan natin iyon, doon siya magtatanggal ng huli sa tapat ng kanyang bukatot. Marami siyang nakitid at tiyak matatagalan sa pagtatanggal ng isda."

Muling sumibad ang bangka patungo sa direksyon ng kubo ni Palos. Malayo pa lang sila'y nagpatay na sila ng makina. Sumadsad sa mga punong sasa at ginapang ang kinaroroonan ni Palos. Pinaligiran nila ang kubo at nasilip ng mga kasama na katulong pa ni Palos ang binatilyong apo sa pagtatanggal ng isda sa lambat. Nakabalumbon ang kitid at sa tama ng gasera ay kumikislap ang mga nakatingang isda. Sinurpresa nila ang magnuno. May sumalya sa pinto at humugos sila sabay tutok sa mukha matapos talikuran ng isang kasama ang liwanag na nagmumula sa gasera. Maagap namang sinunggaban

ang baywang ni Palos at nadakma ang armas nito. Hindik na hindik ang magnuno habang kinukumpiska ng Hukbo ang kanilang lambat na namumutiktik sa bangus at malalaking tilapya.

Umaga at naiikot ng mahigit sa dalawampung masa at isang propitaryo si Palos at ang apo nitong binatilyo. Putikan ang kanilang paa at basa ang damit. Kapwa nakatungo sa tabi ng balumbon ng kitid na kinasasabitan pa ng mga huling isda. Putlang-putla si Palos, tumitibok ang namumuting kaliskis na kumapit sa kanyang leeg.

"Napatunayan po natin ang mga kasong matagal nang inirireklamo kay Mariano Malusak," paliwanag ni Ka Alfon. "Sa harap ninyong lahat, lilitisin natin siya at bibigyan ng karapatang maipagtanggol ang sarili."

Nananatiling walang nagsasalita liban kay Ka Alfon.

"Ngayon kayo magsalita, lahat ng may reklamo sa kanya," untag sa lahat ng isang kasamang Hukbo.

"Ano nga ba ang marapat?" bantulot na tanong ng isang bantay.

"Aba'y di husgahan na. Kung walang magrireklamo'y palutangin na sa ilog. Ipakain na sa isda," kantyaw ng isa.

Parang may bara ang lalamunan ng mangingitid, pero pinilit niyang makapangusap. "Maawa po kayo," aniya. "Magbabago na po. . . Maawa po kayo sa aming magnuno."

"Ano nga po ba ang mainam diyan, Kaka?" tanong ng propitaryong sa kauna-unahang pagkakataon ay nakakita ng Hukbo. "Matagal na pong dinadambong niyan ang palaisdaan ko."

Halata ni Ka Alfon na isa man sa lahat ng nagrireklamo'y bantulot magpasya at siya ang hinihintay kung ano ang gagawin. Kaya siya, bilang Hukbo, ay maagap na nagbigay ng opinyon at paliwanag.

"Liliwanagin po namin, kami bilang Bagong Hukbong Bayan ay walang karapatang magpasya sa buhay ng sinumang tao. Ang amin pong disisyon ay nakabatay lamang sa kagustuhan ng nakararami. Totoo pong maraming naiinip at nagaapurang gawaran siya ng kamatayan, pero si Mariano Malusak ay bigyan natin ng pagkakataong magsalita."

Dahil sa narinig, bahagyang nabuhayan ng loob ang magnuno. Napalakas ang pagmamakaawa ni Palos.

"Maawa po kayo. . . Marami po akong apo. Huwag ninyo akong patayin. Magbabago na po ako."

"Madali pong wakasan ang buhay ng isang tao," ang paliwanag ni Ka Alfon. "Pero ang mahirap at hindi natin kayang gawin ay ang pagbuhay sa kanyang muli. Isang bala lamang at matatapos siya pero hindi na maiwawasto ng kamatayan ang kanyang mga kasalanan."

Wala ni isang umiimik. Lalong nabuhayan ng loob, paluhod na niyakap ni Palos si Ka Alfon at halos hagkan ang tuhod.

"Magbabago na po. Patawarin

po ninyo ako. Huwag po ninyo akong papatayin."

"Kung ano ba'ng mabuti e di pasyahan n'yo na, Kaka," anang propitaryo. "Patatawarin ba natin siya?"

"Ang sinasabi po natin e, hindi tayo Hukbo na basta patay lang nang patay. Si Mariano po, ayon sa ating pagsusuri, ay wala namang utang na dugo. Hindi rin po siya impormer. Iginagawad lang natin ang parusang kamatayan sa mga taong kumakalaban sa rebolusyon; kung siya'y kaaway ng masa. Maging siya'y maliit na mangingisda o kahit isang propitaryo," diin ni Ka Alfon.

"Di patawarin muna natin," sabi ng propitaryo. "Pag hindi nagbago, kayo na ang bahalang maggawad ng parusa."

"Sang-ayon po ba tayo sa sinabi niya?" tanong ng isang kasama, na ang tinutukoy ay ang propitaryo.

"Sige, tingnan natin kung magbabago pa," may napilitang magsalita. "Patawarin natin si Palos."

Hudyat iyon na nagkaisa ang lahat. Naunawaan nilang tao rin naman ang matandang nais nilang ipapatay. Isa-isang kinamayan ng mga Hukbo ang mga naroroon. May nagdulot ng kape at binigyan ang lahat ng sumaksi sa paglilitis. Napansin ni Ka Alfon na tanging si Palos lamang at ang apo nito ang di nabibigyan ng tasa ng kape. Lumapit si Ka Alfon kay Palos at iniabot sa matandang mangingisda ang kape. Hindi nito nakuhang tumanggi pero pinaunang tumikim ang kanyang apo.

Halos hagkan muli ng matanda ang paa ni Ka Alfon, pero inalalayan siya't pinatayo ni Ka Alfon.

"Maraming salamat po. Magbabago na po ako. Patawad po. Maraming-maraming salamat po."

Nakita ni Ka Alfon na may namilaylay na butil sa pilik ng matanda at kumislap iyong tila kaliskis na nakapanikit sa kalubot ng kanyang leeg. Mahigpit na kinamayan ni Ka Alfon ang matanda at mariing tinapik sa balikat.

---

**Bukatot** – isang tradisyonal na pamalakaya
**Propitaryo** – panginoong maylupa; malaking negosyante ng palaisdaan
**Galadgaran** – isang klase ng bangka
**Mangingitid** – namimirata sa palaisdaan.
**Kalabukab** – ahas-tubig
**Kaka** – nakakatandang kaanak; tawag-paggalang
**Kitid** – lambat na panghuli ng bangus



# Sa Pamumulaklak ng Tabako

ni Juan Jacinto

MAAGA PA'Y GISING NA si Tonyo. Marami sa kasamahan niya'y noon lamang halos natulog. Siguro'y napagod siya nang husto noong nagdaang araw kaya maagang dinalaw ng antok. Isa pa'y hindi naman siya talaga sanay matulog nang matagal. At ayaw din niyang makaabala sa mga kasama. Mamaya pa nang kaunti, bago pumutok ang araw, matapos tumilaok ang tandang (na hindi yata naririnig sa Maynila), tiyak na mahaba ang pila ng mga kasamahan sa pinag-ubrang banyo at kasilyas. Nagpapatuyo na lamang siya ng buhok kasabay ng paghigop sa kape na siya na rin ang nag-init kasama ng iba pa na maaga ring nagising. Bago mag-alas syete ay kailangang nakahanda na sila. Ibig sabihin noo'y nairaos na nila pati ang agahan.

Sa wakas ay makakaharap na rin nila si Alvarez. Ito raw ang nakakaalam tungkol sa usapin sa lupa ng mga magbubukid. Isang linggo na silang nagkakampo sa harapan ng upisina nito, pero



kagabi lamang nakipag-usap, iyon ay matapos magkaroon ng kaunting sigawan. Pareho lamang daw sila ng iniisip, pero ang hindi nila maintindihan ay kung bakit iniiwasan yata nitong makipag-usap sa kanila. Maliwanag naman ang kahilingan nila, pero bakit hindi magkatagpo ang kanilang mga isip. Kumpiskahin ang lupa ng mga kroni na hanggang ngayo'y kalaban pa rin ng sambayanan. Bayaran ng pamahalaan ang malalaking asyenda para ipagbili naman nang naaayon sa kakayahan ng maliliit. Ang iba pa'y gawing kolektibong pag-aari na paaandarin sa pamamagitan ng pagtatayo ng kooperatiba. Hindi naman kinukuha ang lupa ng may lupa. Ang hinihingi lamang ay partihan ng mga may pag-aaring sobra-sobra, na naaayon pa sa batas, ang mga walang mapagkukunan.

Masigla ang pakiramdam ni Tonyo. Mukhang may mangyayari sa ipinagmamartsa nila. A, lupa, sa isip niya'y nagkakahugis ang pag-asa. At isa pa ngang dahilan ito sa maaga niyang paggising. Nasasabik siyang marinig ang mga pananalita sa gaganaping dayalog mamayang alas otso.

Nakiraan ang araw, hanggang parang korona itong nakatirik sa kanilang ulunan. Muli, sila ay pawisan sa init at sa inip. Wala ni anino ni Alvarez. Para kang nakipag-usap sa isang bata, sila ang may sabi, sila ngayon ang tumanggi. Talaga yatang ganoon ang mga taong-pamahalaan. Mahusay lang sa pangako, na akala mo'y totoo, na bibilog sa ulo ng may ulo, pero sa bandang huli'y pangakong nakapako pala.

Para hindi masayang ang araw, napagkaisahan ng mga magbubukid na sa Malakanyang na mismo magpunta. Kung nag-uulyanin si Minister, di ang Pangulo ang kausapin. Tutal nama'y ipinagmamalaki nito na bukas na ang palasyo para sa maliliit. Tingnan ang pruweba kung haharapin din sila nito tulad ng pagtanggap nito sa mga dayuhang *press*. O papasukin sila para ipasyal sa mga eskaparate na nagpapakita kung gaano karami ang sapatos at panti ni Imelda?

Kahit sabihin pang magkaiba si Marcos at si Cory, may pagkakatulad pa rin sila. Halimbawa, walang bukas na daan papuntang Malakanyang. Bawal pa ring tumawid sa Mendiola kung wala kang balak mag-ala turista. Parang daan iyon paakyat sa langit, kaydaming bawal at kaydaming bantay. Sa magkabiso'y may mga disgrasyang naghihintay.

Hapon na nang makarating sila sa paanan ng Mendiola. Damang-dama ang init. Nasa singaw iyon ng kalsada hanggang sa tuktok ng mga sundalo. Iyon ang isa pang pagkakamukha ni Marcos at ni Cory, ang kanilang mga bantay ay talagang kautak ni Bantay. Bawa-waw at kagat lamang ang alam na lenggwahe. Nakikipag-usap pa ang nego panel sa ilang lider militar ay nag-umpisa na ang putukan. Parang kawan ng isda na nabulabog ang matahimik na martsa.

Maraming sugatan at mga namatay. Kinabukasan, tulad rin ng dati, panahon man ng bagong lipunan o ng bagong administrasyon, nag-uumpisa ang imbistigasyon sa paninisi. At bago may makausap ay naibaba na agad ang hatol. Mga katwirang gasgas na sila lang naman ang naniniwala. Impiltreyted ng mga NPA ang martsa, sila-sila mismo ang nagbarilan. Tiyak na walang kasalanan ang militar. Para rin sa kaso ng pagpaslang kay Olalia kamakailan o kay Ninoy Aquino noong araw. Kulang na lamang sabihin, dahil masyado nang garapal, na ang mga pangyayari ay isang akto ng pagpatay sa sarili. Swisayd, sa madaling salita.

Nakapagngingitngit. Kung hindi mabigyan ng sagot ang tanong, dadaanin sa dahas. Katwiran ang ipinaglalaban, dadaanin ka sa barilan. At ikaw pa ang pagsasabihang siyang may kasalanan.

Isa sa kababayan ni Tonyo ang humandusay. Sabog ang dibdib nito sa balang tumama mula sa likod. Isang magbubukid na nagtanong tungkol sa kanyang karapatan sa kapirasong lupa, na ang naging dulo ay kapirasong libingan. Palay ang hiningi, bala ang ibinigay. Kahulugan ng buhay ang hinanap, ang dulo pala'y kamatayan. Patubig ang kailangan ng palay, dugo para sa kalayaan.

Ang kasamahan ay kasamahan. Hanggang sa libing, naroroon si Tonyo. Nakikipagluksa pero hindi umiiyak. Nabawasan sila, pero hindi nasisiraan ng loob. Ganoon ang maging makabayan, walang hindi ibibigay kung para sa ikabubuti ng bayan. Lalo lamang lumilinaw ang mga kapasyahan. Ang maliit lamang ang marunong magmalasakit sa kapwa maliit.

Sa huling gabi ng paglalamay, hindi mga kasamahan lamang ang dumagsa. Pati mga pulitikong luma na naghahanda sa darating na halalan ay nakikimasa rin. Naroon din ang mga ahente na kunwa'y nakikipagluksa rin. Madali pa rin silang mamukhaan. Mahilig sa salaming may kulay, mailap ang mata na parang parating may hinahanap, nakikihalo sa iba-ibang pangkat kahit walang kakilala, bihirang magsalita, pero pagbuka ng bibig ay halatang nanggagaya sa lenggwahe ng kasama. Malaki pa rin ang kanilang tiyan. Sa kapirasong salita, pormang militar talaga.

Noon napansin ni Tonyo ang isang mama na halos ay kaedad lamang niya. Tumitingin ito sa kanya na parang may gustong sabihin. Walang duda, kakilala niya ito. Hindi nga lamang niya matandaan kung saan sila nagkita. Gusto sana niya itong lapitan at kumustahin, pero sa mga ganitong harapan, mahirap magbukas ng bibig sa isang estranghero.Nginitian siya nito bago umalis at medyo tumango pa, na parang sinasabing ayos lang.

Nang wala na ito, saka nabuo sa isip ni Tonyo kung sino ang kakilalang mahilig sa ganoong klaseng tango na may kasabay na ngiti. Putris, sabi na nga bang si Julian iyon. Si Juliang kababata

niya sa Bisaya. Sampung taon na rin namang hindi sila nagkikita ni nagkakabalitaan. Medyo lumaki yata at tumaba. Paano ito napadpad sa baryo? Lagalag talaga si Julian, sa loob-loob niya.

Bago umuwi ang pangkat ni Tonyo, may isang palihim na nag-abot ng kapirasong sulat sa kanya. Bigay daw ni Ka Ting. Sinong Ka Ting? tanong niya sa kasamang naging mensahero. Si Ka Ting 'yung nandiyan kangina.

Di nga naglipat linggo'y may kasamang dumating sa bahay nina Tonyo. Nakahanda siya. Tiniyak niya sa asawang may maipapaulam siyang masarap-sarap sa hinihintay na bisita. Ipinalaga niya ang kaisa-isa nilang manok. Paborito iyon ng kababata.

"Pasensiya ka na Bay" (nakalakihan nilang batian na ang kahulugan ay kaibigan), "naakyat ka sa bahay na maliit. Natapatan mo pang walang maipaulam," pagdidiskargo niya sa kababatang akala mo'y may nagawang kasalanan. Ganoon ang pasakalye sa usapan ng mga Pilipino kahit saan. Ang totoo'y isang kiming pamamaraan iyon ng bukas-pusong pagtanggap sa inaaring kasambahay na matagal din namang nawalay kaya kinasasabikan.

"Kumusta ka na?" bati naman ni Julian.

"Mabuti. Mas mainam. Ikaw? Kayo? Sila?" halos tuloy-tuloy na tanong ni Tonyo. Medyo hindi agad nakasagot ang tinanong. Ngumiti muna saka nagtaas ng balikat.

"Parang dati pa rin."

Saka parang naubusan ng sasabihin ang isa't isa. Parang dati. Alam ni Tonyo ang kahulugan noon. Pagkakaingin sa bundok. Pagtatanim ng palay kung tag-ulan at pag-asa sa bungang-lupa tulad ng kamote, bisol at balinghoy kung tag-araw. At pagtatanim ng mais o tabako para kitain ang mga panggastos sa bahay bukod sa pagkain.

Saka pumasok sa utak ni Tonyo ang mga kahapong matagal na niyang iwinaksi. Halimbawa'y ang pagtatangka niya noon na takasan ang kahirapan. Isa iyon sa dahilan kung bakit siya nangibang-bayan. Kung paano napadpad sa lugar na ito. A, kaybilis ng mga araw. Sampung taon na pala ang nagdaan. Parang sabay-sabay na lumalabas ang mga tanong sa kanyang utak. Ang mga kababaryo't kababata, mga kamag-anak at kapitbahay. Sa pag-aapuhap ng pangalan, ewan kung bakit ang tabako ang naitanong niya.

"Kumusta ang mga pananim? Kailan mag-aani? Sagana ba ito?"

"Sa ganitong buwan, palagay ko'y namumulaklak na ang tabako. Parang dati, binubungkal ang paligid, dinadamuhan at inaalisan ng uod. Di ba parang batang pinalalaki? Isang buwan pa't pwede nang anihin ang mga unang dahon. Patatapangin nang mga tatlong buwan, saka ibibenta. Ganoon pa rin ang kabuhayan sa atin."

"Sina Ka Teban at Tyay Luisa, kumusta na sila? Nakakapagtrabaho pa ba?"

"Ang totoo'y matagal na rin akong hindi nauuwi sa atin. Nakikibalita na lamang ako kung may pagkakataon." Parang batang hindi agad nasakyan ni Tonyo ang ibig sabihin ng kausap.

"Ibig mong sabihi'y sa Maynila ka naglalagi?" Tanong iyon na hindi sinasadya. Saka nagtanong ang isip niya. Si Julian na mas mukhang magsasaka pa ang ayos kaysa kanya, na hindi nakuhang pumutla ng balat tulad ng katangian ng mga kababayan nilang nalilim ng araw nang mapadpad sa Maynila, naging taga-Maynila? Kangina ngang naghubad ito ng sapatos bago umakyat sa hagdanan nilang may dadalawang baitang ay hindi siya nanibago sa paa nitong ang korte ay parang luyang bagong hukay.

"Hindi naman. Ang totoo'y hindi rin ako halos naluluwas ng Maynila."

Medyo kumunot ang noo ni Tonyo. Ano ba'ng ibig sabihin ni Julian? Ay, si Julian na halos kapatid ang turingan nila, na kasama niya pati sa kapilyuhan noong araw, na kasabay din niyang tinuli bilang hudyat ng pagbibinata, na kaiskwela niya hanggang *grade four*, na inakala niyang naiintindihan niya pati loob ng utak ay heto at parang tumutula kung magsalita. Mahirap intindihin agad.

Saka pumasok sa isip niya ang huling araw na ipinagsama nila. Sa plasa iyon sa kabilang baryo. Kasama nila ang dalawa niyang kapatid, sina Inday at Toto. May pabayle noon. Isang kagawian iyon sa kanila. Dahil malayo sila sa kabayanan, kailangang sila na rin ang gumawa ng sariling libangan. Sayaw ang katapat noon. Kakalimutan ang hirap ng kabuhayan kahit sandali. Isasabay ang galaw ng katawan sa tugtog ng musika. Pipiliting maisayaw ang napupusuan. At kung may makitang puwang, doon na nag-uumpisa ang ligawan. Pero noong gabing iyon, taliwas sa inaasahan ang nangyari. Ang saya ay naging gulo. May naligaw na mga sundalong PC. Siguro'y nalulungkot din. Pero hindi sayaw ang hanap. Gustong pumasok. Pinagbigyan naman. Nang nasa loob na ng sayawan, sa halip na mahiya sa panghihimasok, umabuso pa. Gustong isayaw si Inday nila, pumayag naman si Inday. Hinipuan si Inday. Ibang usapan na 'yon. Sa halip na magdiskargo, nagkasa ng baril. Nagpaputok sa itaas. Nagkagulo. Sunod-sunod na ang putukan.

Kinabukasan, nagising si Tonyo na nakatali nang patiwarik sa poste ng basketbol. Noon niya unang nakita ang pabaligtad na ayos ng mundo. Nasa tuktok niya ang lupa at nasa paanan niya ang langit. Parang bangungot. Umiikot ang mundo kasabay ng pagtatangka niyang kumilos. Lilitaw ito at mawawala. Babalik lamang ang hugis ng paligid kapag sinasabuyan ng tubig ang kanyang mukha. Nagigising siya para lamang muling makatulog. Hanggang maramdaman niyang parang sasabog ang kanyang ulo. Saka ang matagal na katahimikan.

Hindi na niya iyon makakalimutan kailanman. Unang binyag ng dahas. Sabi ni Tyay Luisa at ni Ka Teban, na siya nilang pinakamagulang, ay maswerte siyang bata. Iyon ay matapos magdaan ang ilang araw na hindi niya namalayan. Nahihibang daw siya sa lagnat bukod sa pamamaga ng buo niyang katawan. Sugat, latay at bukol ang inabot niya sa mga sundalong PC. Buhay siya, iyon ang mahalaga. Iyon pala ang swerteng ibig sabihin nina Tyay Luisa. At bakit siya dapat magpasalamat.?

Hindi pa sila nakakapagpaibis-luksa sa sinapit ng ina. Namatay ito nang tubuan ng kung anu-anong bukol sa katawan. Walang paliwanag kung bakit ito tinubuan ng mga iyon. Galing daw sa pasma. Inaabot kasi ito ng ulan at araw sa kaingin. Masama iyon, bukod pa sa sobrang pagod raw at pag-iisip. Kung bakit kailangan nitong doblehin ang sipag, mangyari'y kamamatay lamang ng ama nina Tonyo. May pangalan ang sakit nito, di tulad ng sa ina. Hapo kung tawagin nila, *pinagandang* tawag sa tuberkulosis. Sakit ng mahirap.

Nasaan ang swerteng dapat ipagpasalamat? Saka nasabi rin ni Tyay Luisa ang ibig sabihin. Si Toto, ang bunso niyang kapatid, ay hindi nakaligtas sa tuwa ng mga sundalo. Ano'ng naging kasalanan nila? Ano'ng nagawa? Napagkamalan daw taong-labas. Mangyari ay mahaba ang kanilang buhok. Kasalanan ba 'yon? Mangyari ay pumasok sila ng sayawan na nakatsinelas lamang. Kasalanan ba iyon? Marami sa kanilang baryo ang walang sapatos. Mangyari ay ginantihan ng titig ang mga sundalo. Kasalanan ba iyon? Ang totoo'y lasing ang mga ito. Apat ang nakatulad ni Toto na sinamang abutin ng tuwa ng mga PC.

Ang isa pang kasalanan, bakit sila pumalag na magkapatid kasama si Julian at iba pa noong binabastos si Inday, ang kapatid nilang panganay?

Noon nag-umpisang gumulo ang laman ng kanyang utak. Ano'ng gagawin? Totoong maraming kamag-anak at kababaryong tumutulong sa kanila, pero hindi pa niya alam ang kahulugan ng totoong pag-iisa. Babalik daw uli ang mga sundalo. Itinago si Inday, baka ito mapag-initan. At naiwan si Tonyong mag-isa sa pag-aalaga ng kanilang kaingin. Edad kinse siya noon. Kung pati iyon ay iiwanan niya, saan siya pupunta? Iisa ang bayang alam niya. Kabundukan at parang lamang ang kayang sukatin ng kanyang talampakan.

Minsa'y nag-usap sila ni Inday. Ano na'ng gagawin natin? Iwanan na natin ang kaingin?, tanungan nila. Mahirap ang buhay doon. Kung tag-araw ay halos talahib lamang ang doo'y hindi nahihiyang sumulpot. Kung tag-ulan nama'y parang pagkit na pinadudulas iyon ng daloy ng tubig. Umalis tayo rito, Inday. Hamon niya sa nakakatandang kapatid. Pero saan sila pupunta? Ikatlong lupain na raw nila iyon, sang-ayon sa kanilang ama noong

ito'y nabubuhay pa. Tuwing may mahahawan silang kagubatan, katulad rin ng nangyayari sa iba pang kababaryo, parating may tagakabayanang aangkin sa kanilang pinaghirapan. Bahagi daw ng lupain ng mga iyon, kahit sila'y halos nakasaksak na sa loob ng gubat, doon sa dapat ay pag-aari na ng mga *tumandok* (tao sa bundok).

Sang-ayon sa kanilang plano ay mauunang aalis si Tonyo. Maghahanap ng trabaho. Kapag nakaipon na, pasusunurin niya si Inday. Sa simula'y nagsulatan sila. Hanggang dumalang, hanggang nagkaasawa si Tonyo. Hanggang tuluyan nang naputol ang kanilang pagsusulatan. At heto siya, isa pa ring magsasaka, at mangingisda na rin, sa ibang bayan nga lamang.

Namamasyal pa rin ang utak ni Tonyo nang putulin ito ng tanong ni Julian. Di agad niya iyon narinig.

"Kumusta ka na'ika ko?" ulit ni Julian.

"Mabuting-mabuti."

Saka naisip ni Tonyo na magpahain na sa asawa. Masarap ang pagkain, pero mas masarap ang usapan. Sa simula'y parang wala silang mga problema. Hindi aaminin ni Tonyo na gipit pa rin siya. Parang pagkapahiya sa sarili. Parating mabuti ang sagot sa mga tanong na, kumusta ang kabuhayan, kumusta ang mga bata, kumusta ang iyong kabiyak at iba pang pangungumusta. Heto, naging mangingisda at magsasaka, depende sa kung saan kikita. Kung minsa'y nasa bukid, kung minsa'y nasa tubig. Dito'y mas maraming ilog at mas malawak ang dagat. Natuto akong mamalakaya, mangapa (ng hipon), manukot (ng alimango), magtambak (ng palaisdaan), kahit ano na yata tungkol sa tubig ay natutunan ko na. Ang hindi ko na lang alam ay ang lumangoy. Mabuti naman at parati kaming nakabangka. Sa atin naman kasi'y hanggang tuhod lamang ang pinakamalalim na sapa.

Ang mga bata? Sa isang taon ay may elementarya na ako. Heto nga't umuungot na ibili na siya ng pantalon para sa pasukan. Ang bunso ko nama'y mag-aapat na buwan na. Baka sa darating na buwan ay mapabinyagan ko na rin. Mga umpisa iyon ng mga kwentong hindi tapos. Halimbawa'y ang mga plano niya'y plano pa rin. Na dapat ay noon pang nakaraang taon pinag-aral ang bata. Ang kaso'y wala siyang naiipon, kahit na pambinyag. Na kaya pati ang kanilang banggera, na inihihingi niya ng paumanhin dahil sira, ay hindi niya maipagawa. Walang oras, walang pambili ng kahoy at pako, hayun kaya giray.

Nang magsawa sa pagpapaliwanag si Tonyo sa kababata, siya naman ang nagtanong.

"Bay, paano mo nga pala ako natunton dito?"

Parang kangina pa iyon inaabangan ni Julian. Kaya hindi agad inintindi. Sa halip ay ang pagsubo sa mainit-init pang kanin na lalong pinainit sa bahog na mainit na sabaw. Ang asawa naman ni Tonyo na hindi naman talaga palasalita ay buong giliw na

nagluluwa-sumuba sa munting kusina sa pagkuha ng mga kailangan sa pagkain tulad ng inumin at palangganang hugasan ng kamay. Paminsan-minsa'y sinisilip din nito sa duyan ang natutulog niyang bunso.

Nang magsalita si Julian, iba na ang paksa.

"Bay, ba't ni hindi ka man lang nagpaalam sa akin noong umalis ka?"

Na agad pinutol ni Tonyo.

"Teka, teka, Bay, mali yata. Mas una kang nawala sa akin." Saka sila nagtawanan tulad noong araw kapag nagbibiruan sila.

"Wika ko'y nataranta ka ng putok ng baril, kaya hindi ko na nalaman kung saan ka napasuot," dagdag ni Tonyo.

"Bay, hindi ganoon. Ikaw ang nataranta. Sabi ko'y takbo. Tumakbo ka nga, pasulong sa mga PC. Ayun, nabitin ka tuloy."

Sinasadya man o hindi, naputol ang usapan. Ang kasudlong noo'y hindi na biro. Babalik kay Toto at Inday ang usapan. Pwedeng kalimutan ang una dahil matagal na itong patay, pero si Inday? Nanabik magtanong si Tonyo tungkol sa kapatid, pero pinipigil niya. May halong kaba ang mga tanong niya sa isip. Binalikan kaya ng mga sundalo? Naloka kaya? Nagpakamatay? Sumama? Ganoon ang nangyayari sa mga taong nasindak at hindi agad nakabawi. Tulala pa rin kaya ito?

"Walang nangyari kay Inday. Isa pa 'yon kung bakit personal na rin akong nagsadya rito, matapos kong mabalitaang may kababayan pala ako rito. May matagal na siyang gustong ipabalita sa iyo, pero ikaw yata ang mahirap hagilapin."

"Ano na'ng ginagawa niya ngayon?"

"Ano pa, di kasamang naglilinis ng tabako. Kasamang lumilipol sa mga uod."

"Nagbalik sa kaingin si Inday?"

"Sa lupain ng bayan. Ang nanggulo sa sayawan, ang pumaslang kay Toto at iba pa. Natiris na sila. Pero may mga uod pa ring natitira hanggang ngayon. Naroroon si Inday, nagtatanim ng kalayaan, lumilipol sa mga kaaway."

Nangiti si Tonyo sa narinig. A, si Julian, talagang patula kung magsalita, pero malinaw niyang naiintindihan ngayon. Nakahinga siya nang maluwag.

Nang magpaalam si Julian, pasigaw pang nagbilin si Tonyo. "Bay, ikumusta mo ako kay utol, huwag na huwag mong kakalimutan. Iisa ang amoy ng anakpawis, kahit saan makarating, di mapapalitan ng bango." Biro pa rin iyon, pero may iba nang kahulugan. Sa isip niya, habang papalayo si Julian kasama na ng iba pang kasamahan, parang nakikita niya ang kanilang kaingin. Namumulaklak na ang tabako. May kislap sa tama ng araw ang karit na gamit ni Inday. Saka para niyang naamoy ang bulaklak. May ibang simoy ng hanging nakikiraan. Kaybango ng paligid.



**PASILANGAN ANG IHIP NG KANTA**

Anuman ang hugis ng mga bundok
    sila'y mistulang sapad at mababa
habang kaming basa sa hamog ng gabi'y
    papalayo sa napakatandang gubat.
Abuhing malamlam ang kislap ng aming mga baril
    sa liwanag ng buwan;
tulad ng nakagawia'y sumanib kami
    sa mga aninong ngayon lamang nasumpungan.
Sa may kalayuan, bumubuo ang kayumangging palayan
    ng malikaw na pinitak,
at ang tubuha'y nakalatag
    hanggang sa abot-tanaw–
nakapaninibago sa unang malas ang kapatagan
    ng aming mga pangarapin!

(Sansaglit, may kung ano pang
pananabik, aming nilingon
ang napakataas na Taganhin, naghahari
sa mga distrito ng baku-bakong mga bundok,
at kami'y napangiti. . .)

Sa malayo'y umilanlang ang uyayi
    ng umaga – hayun!

sa kulumpon ng kawayang
    nakahilig sa makinang na dalisdis
sa sinapupunan ng sapang
    *mahiwaga't madilim*
paalun-alon ang sinag ng liwanag
    mula sa mga kubong layu-layo't di pa nasisilungan,
kumakaway sa mga Pulang manlalakbay ng gabi.

*Pasa bilis!* hudyat ng lider
    ng aming iskwad.
Nagkapakpak ang aming mga paa,
    bumilis ang pagtibok ng aming mga puso
habang kami'y hinihila pasilangan
    ng ihip ng kanta, palapit nang palapit
sa lupang sakop ng mga asyenda. . .

**• Servando Magbanua**

Panay
20 Nobyembre 1980

(Salin ni Kris Montanez)

---

**Ang Tula sa Orihinal na Inggles**

**EASTWARD THE WINDS OF SONG**

For all their contours the hills
    look flat and low
as dew-drenched we nightwalk
    out of the primeval forest.
Our guns glint a dusky gray
    in the moonlight;
instinctively we merge with new-
    found shadows.
Farther, brown paddies form a
    maze of linear patterns
and sugarcane fields stretch
    as far as the eyes can see—
how alien at first the lowlands
    of our dreams!

(Fleetingly with yet a longing
we cannot name we look back
at towering Taganhin majestic above
the rugged mountain districts
and smile. . .)

From afar floats a morning
    lullaby – there!
in clusters of bamboo trees
    tacked on the silvery slopes
in wombs of creeksides
    mysterious and dark
stabs of light undulate from
    sparse and unfamiliar huts
beckoning the Red nomads of night.

*Pasa bilis!* our squad leader
    motions.
We hurry on winged feet,
    our hearts throbbing wildly
as eastward the winds of song
    draw us nearer, nearer
to the land of the haciendas. . .



**PUTING MAPA?**

Ngayon, sabihin mo sa akin,
paano nagawa ng iyong Oplan Northstar noong '82-'83,
ng iyong Oplan Katatagan noong '84-'85,
at ngayo'y ng iyong Task Force Kappia
na payapain, kung nagawa nga,
ang lumalabang pwersa ng 12,634 na magsasaka
na may kumpanya ng mga pultaym na gerilya,
at magproklama ng "puting mapa" sa Silangang Cagayan?

A, di mahirap hanapin ang kasagutan.
Pero kailangan mo iyang ipaliwanag sa PCHR.

Na sa limang taon ng mala-Genghis Khan mong pandirigma,
na salat sa ipinagmamalaki mong Kumbensyon ng Hague;
sa limang taon ng pagtatayo mo ng Riga sa silangang larangan
ginulo mo ang buhay ng 150,000 magsasaka
sa 243 baryo sa sampung munisipyo ng larangan;
pinatay mo ang 150 magsasaka at propesyonal;
binomba mo't pinagbabaril ang malalawak na gubat sa silangan;
ibinunton mo ang kawalang-pag-asa sa mga inosenteng asawa,
anak at kamag-anak ng mga gerilyang nagpakatatag
sa gitna ng mahigpit na pagsubok ng pakikidigma;
kinaladkad mo sa iyong pandirigma ang mga inosenteng magsasaka
na ang tanging pagkakasala – kung pagkakasala nga – ay suportahan
ang dakilang simulaing nakapagbigay sa kanila ng lupa,

nakapagpataas ng sahod,
nakapagpababa ng interes sa utang, ng upa sa NIA.
Oo, sa limang taong sunud-sunod,
kinulapulan mo ang iyong mga kamay ng dugo ng mga magsasaka
ng Cagayan,
na ang tanging hangad ay makakain nang sapat,
magkaroon ng kaunting dignidad.

Pero may tapang ka pang iproklamang bayani
ang iyong sarili, isang taong marangal?
A, kasukdulan na iyan ng kahibangan.

**• Lionil Pedro**

18 Agosto 1986
Cagayan

(Salin ni A.R. Cerrazon)

PCHR – Presidential Committee on Human Rights
Genghis Khan (1162-1227)- Taga-Mongolia, mananakop ng Asya at Silangang Europa
Kumbensyon ng Hague – pandaigdigang kumperensya sa kapayapaan na idinaos sa The Hague sa Europa noong 1899 para sa mapayapang paglutas sa mga pandaigdigang pagtatalo
Riga – kapital ng Republikang Latvia sa Kanlurang Unyong Sobyet; dating tapunan ng mga bilanggong pulitikal sa panahon ng Tsarismo
NIA – National Irrigation Administration

**Ang Tula sa Orihinal na Inggles**

**A WHITE MAP**

Now tell me,
how was it possible for your Oplan Northstar in '82-'83,
your Oplan Katatagan sa Cagayan in '84-'85, and how your
Task Force Kappia
to pacify, if truly they did,
a belligerent force of 12,634 peasants
with a company of fulltime guerrillas,
and proclaim a "white map" in Eastern Cagayan?

Ah, the answer is not hard to find.
But you have to explain that to the PCHR.

That for five years of your Genghis Khanic warfare,
virtually devoid of the Hague Convention you were flaunting;
for five years of installing a Riga in the eastern front—
you dislocated the lives of some 150,000 peasants
in 243 barrios of the front's ten towns;
you murdered 150 peasants and professionals;
you bombed and strafed the great forests of the east;
you vented your desperations on the innocent wives,
children and relatives of guerrillas who stood firm
amid the acid test of war;
you dragged into your warfare innocent peasants
whose only fault — if fault it was — was to support
the noble cause that has given them land, higher wages,
lower interest rates, lower NIA fees.
Yes, for five straight years,
you bloodied your hands with the blood of the Cagayano compesinos
whose only desire is to have enough to eat,
to have a little of dignity.

And yet you have the audacity to proclaim
yourself a hero, an honorable man?
Ah, that is the height of hallucination.



## TANGKONG BAKA

Matabang
ang nilagang ulo
ng baboy-damong nabitag
sa kaingin.
Di paksiw, di sinigang,
salat sa asim, sa alat,
sa nakagawiang sangkap.
Ngunit wala akong reklamo, kasama.
Ang beynte singkong suka'y
nasa kabilang bundok pa
at ang toyo'y nasa ilang
kabilang ibayo,
kung saan ang daang
pa-San Isidro'y patag na.

Para sa kaunting suka't paminta'y
babagtasin pa ba
ng kinakalyong mga paa
ang malalim na gubat
ngayo't umuulan,
madulas ang lupa,
matalas ang mga bato
sa gulod ng Tangkong Baka?
Tutuntunin pa ba ang landas
na may mga matang nagmamasid

at nang-iispya
para sa kaaway?

(Samantala
sa malayong syudad
tulak-tulak ng mababangong matrona
sa malamig na groseri
ang mga karitong lula'y
ganggabundok na delata,
kililing nang kililing ang kahera
habang sa labas,
ang mga bata'y nag-aabang
ng singkong limos.)

Wala akong reklamo, kasama.
Ang nilagang baboy-damo
sa iyong bukas-palad na hapag
ay may tanging sarap
sa dulang ng ating pakikibaka.

• **Rosa Labrador**

6 Enero 1987
Bikol



**BARYO BAGONG-TUBIG**

Pinagbabalik-balikan na lang kita,
At huwag ka sanang mawala.
Tiyak na pagbalik ko sa kabunduka'y
Mainit akong sasalubungin ng mga magsasaka,
Katulad ng mga magsasaka mong bumuhay
Sa akin noon,
Katulad mo na aking itinatangi.
Nasa katauhan ko ang araw at gabing
Ginugol ko sa kandungan
Ng iyong tubuhan.
Sumisibat ang sakit ng paglalayo.
Huwag ka sanang mawala,
Suhay ng aking paninindigan.

• **P. Mujeres**

1985



**SEREMONYA SA TAKIPSILIM**

*Kasama:*

Lahat ay handa na sa iyong pagdating.
at matapos ang pagbati ng kolektiba'y

makapag-iisa na tayo
para ipagdiwang ang seremonya sa takipsilim.

May pahintulot tayo ng taumbayang
mapag-isa sa kanilang organisadong kabundukan.

*Kaya't halika.*

Minabuti kong hiramin sa isang mahirap na magsasaka
ang kanyang abung sa mataas na talampas

ng sinauna't makasaysayang mga payaw
na nagpupugay sa pulang diwa ng papawirin.

Ilalapag natin ang mga armas,
ang mga kasama nama'y bantay sa manloloob.

Sa oras na ito'y nananahimik
ang mumbaki.

Sisindihan mo ang dapugan
at sa pagbabaga nito, sa sahig na buho'y

ihahanda ko ang nililok na datoc,
ang mangkok na bao at gusing Ming.

Tayo'y iinom ng walang katapusang
kapangyarihan at pagmamahal ng lupang tinubuan

na ngayo'y naghihimagsik laban
sa mga imperyalista't kanilang mga kampon.

Saka kita hahandugan ng mahaba at luntiang
dahon ng tubo nang ito'y iyong mapagbigkis

sa kasaganaan at pagkakaisa
sa matagalang pakikibaka, samantalang

sa labas ay pumapagaspas ang pakpak
ng mga abuhing kalapati ng Uhaj.

• **Jason Montana**

Ifugao
1982

(Salin ni Kris Montanez)

**Abung** – kubo
**Mumbaki** – katutubong pari
**Datoc** – malalim na mangkok na gawa sa kahoy, ginagamit na inuman ng alak

---

**Ang Tula sa Iloko**

**RITWAL**

*Kadua:*

Nakasagana ti amin iti inkay isasangbay,
ken kalpasan ti kablaaw ti kolektiba

mabalin nga itayo sangsangkamaysa
a mangrambak ti seremonya iti sumipnget.

Sipapalubos dagiti tattao nga agkaykaysa tayo
iti agtutunos ken nakapoot a bambantayda.

*Umaykay ngarud.*

Piliek a buloden ti nakurapay
nga abung ti mannalon iti nangato a tay-ak

dagiti duduogan a payao
a mangbukbuksil ti nalabaga a poot ti tangatang.

Intay ibaba dagiti armas,
agbambantay ti kakadua kadagiti kabusor.

Oras ti ulimek
para iti kararag dagiti mumbaki.

Iti inkay *pananggangat ti* dalikan,
iti agkurkuridemdem a lawag, iti runo a datar

isaganak ti nakitikitan a datoc,
ti kinarusan nga apag ken putik ti arak ni Ming.

Uminomtayo iti awan patinggana
a bileg ken karinyo ti daga

a mamagsibo ti pungtot
laban kadagiti imperyalista ken pasurotda.

Kalpasanna sagutanka, atiddog ken nalangto
a bulong ti unas tapno ireppetmo

iti siglot ti kinawadwad ken panagkaykaysa
iti napaut a dangadang, kabayatanna

nga iti ruar agkayabkab ti payyak
dagiti dumapo a kalapati ti Uhaj.

(Salin ni Nina Galvez)

**Ang Tula sa Orihinal na Inggles**

## TWILIGHT RITUAL

*Comrade:*

Everything's set for your coming,
and after the collective's welcome

we may be alone together
to celebrate a twilight ritual.

The people permit oneness
of ourselves in their organized mountains.

*So come.*

I have chosen to borrow a poor
peasant's *abung* on a high plateau

of old storied *payaos*
translating the red consciousness of the sky.

We will lay down our firearms,
for comrades guard against intruders.

Silenced for the hour shall be
the augurers' clannic incantations.

As you light up the hearth,
in the ebony glow, on a floor of reeds

shall I prepare the sculptured *datoc*,
the coco-shell cup and Ming wine jar.

We shall drink of the boundless
power and tenderness of the land


that has risen in anger against
the imperialists and their allies.

Then shall I offer you long and green
sugar cane leaves for you to tie

into a knot of prosperity and unity
in the protracted struggle, while

outside flap the wings
of the grey doves of Uhaj.

## *Panitikang Banyaga*




# Bus Numero 38

**ni Manlio Argueta**

SIYANGA, ISA AKO sa mga nagpunta sa Bangko para alamin ang sagot tungkol sa pagpapababa ng presyo ng insektisayd at abono pero sarado ang Bangko. Nagdemonstrasyon kami. Pagkara'y may sumigaw, pinatatakbo kami. At tumakbo


naman kami, maniwala ka, tumakbo kami. Aba, hinabol kami ng walong de-radyong patrolkar. Nag-umpisa silang mamaril at tinamaan ako—gumurlis ang bala sa kaliwang braso ko. At nakarating kami sa paradahan ng bus, pero walang bus doon; pinaalis ng mga pulis ang mga iyon. At hindi namin alam ang pasikut-sikot sa San Salvador. Kasama ko ang sinugod namin ang bus. Nakatyempo kami ng sasakyang dumadaan sa aming rehiyon. Kaya sinabi ko sa kanya, sakay na tayo. At may iba pang mga pasahero, iba pang mga kasama. Pagkatapos, nang mag-umpisa kaming umandar, napansin namin ang isang helikapter na sumusunod sa amin. Tuwing hihinto ang bus, humihinto rin ang helikapter. Tanaw na tanaw



pinsan kong si Arturo; hindi ako humihiwalay sa kanya dahil marami siyang alam, sa idad na 15. At sinabi niya sa akin na dapat kaming magpunta sa kalapit na simbahan, palagay ko'y ang simbahan ng San Jacinto. Pero inokupahan na ng mga pulis ang simbahan, sakaling tangkain naming magtago doon. Nang mga sandaling iyon ay natanaw namin ang isang bus na may numerong 38, at napasigaw ang pinsan ko: "Tingnan mo, Chalate ang nakasulat." At namin iyon mula sa bintana. Pagkatapos, grupu-grupo kami na inumpisahang pababain ng isang dalagita sa bawat paghinto ng bus. At aali-aligid ang helikapter. At pababababain ng dalagita ang isa na namang grupo. Susunod na kami ni Arturo, iyon ang sabi ng dalagita. Pagkaraa'y namataan namin ang isang patrolkar na sumusunod sa amin. Sumapit kami sa isang tsekpoynt ng pulis. Syempre, inutusan nila kaming bumaba, sinabing kakapkapan kami.

Kaya nang makababa na kami, itinukod namin ang mga kamay sa dingding ng bus at bumukaka kami; pero hindi nila kami kinapkapan. Nag-umpisa silang mamaril. At gumapang kami sa ilalim ng bus. Pinaputukan nila ang ilalim ng bus. At naramdaman kong humahaging ang mga bala. Sa gitna ng putukan, umakyat kami uli sa bus. Nang makasakay na kaming lahat, isinara nila ang pinto at pinatay ang tsuper ng bus. Umakyat sila sa bus. Isang pulis lang ang naiwan sa labas, sa may pintuan, nakatutok sa amin ang kanyang masinggan. Nang mga sandaling iyon, nakadapa na kaming lahat sa loob ng bus. At sinabi sa amin ng mga pulis na kapag gumalaw kami kahit kaunti, mamamatay kaming lahat. Pagkaraa'y pinuntirya nila ang mga bintana para wasakin, at nagbagsakan sa amin ang mga bubog. Naalala ko na hindi gumagalaw ang pinsan kong si Arturo; naisip kong patay na siya. At pagkatapos, siyanga pala, nabaril nila ang kanang kamay ko. Tumilamsik ang dugo mula roon. Pagkatapos ay huminto sila sa pamamaril. Sinabi ko sa namamahalang dalagita na nasugatan nila ang kamay ko. At dapat ay bumaba na kami ng bus. Kaya nga, sa harap ng mga pulis, tumayo ako at bumaba kasama ang dalagita. Siguro, dahil mga bata kami, hindi sila nagpaputok. Nang iwan namin ang bus, nakita namin ang de-radyong patrolkar sa aming likuran. At sinabi ng mga pulis sa nasa patrolkar na tumawag ng isa pang helikapter. Na kailangan nila ang isa pang helikapter. At mula sa helikapter na aali-aligid sa amin, nag-umpisa silang magpaputok. Pagkatapos ay nakita ko ang iba pang mga pulis, nagtatago sa kanal, nakadapa sa lupa at inaasinta ang bus. Pagkalabas na pagkalabas namin, huminto kami para tumingin-tingin. Pagkatapos ay humingi kami ng kaunting pera sa isang pulis, dahil nawala ang lalagyan namin ng pera at kailangang sumakay kami sa ibang bus. At binigyan kami ng pulis ng kaunting barya. "At ikaw, bata, sinugatan ba nila ang kamay mo?" tanong niya sa akin. "Wala kang kagalus-galos," sabi niya sa dalagitang nagpababa sa amin nang grupu-grupo at kinakapitan ko nang mahigpit. "Ilang taon ka na?" tanong niya. "Labintatlo po," sabi ng dalagita sa kanya. Nang mga sandaling iyon, dinakma ng isa pang pulis ang dalagita sa buhok nito at dinala ito pabalik sa bus. Pagkaraan ng ilang sandali, dinakma na naman niya at ng dalawa pang pulis ang dalagita sa baywang at inilusot ito sa isa sa mga wasak na bintana papasok sa bus. Nakatayo akong nagmamasid. At laking swerte niya, hindi siya nasaktan sa mga bubog. Aba, di nagtagal at nasa labas na naman siya ng bus at nakita kong isinadsad niya ang sarili sa kanal. Noon din ay nakita kong naghagis ng bomba sa loob ng bus ang mga pulis. Mga kanister ng tirgas.

At nag-umpisang lumabas ang makapal na usok. At pagkatapos ay naghagis sila ng isa pang bomba sa loob ng bus at nag-




umpisa itong masunog na nasa loob pa ang mga tao, dahil habang nangyayari ang lahat ng ito ay kinailangan nilang manatiling nakahiga sa sahig ng bus at baka napatay na sila kung umalis sila roon. Pagkatapos, umakyat uli sa bus ang mga pulis para tingnan ang nangyari. At pagkatapos ay inumpisahan nilang barilin ang mga tao. Narinig kong sumisigaw ang mga iyon. At pagkaraa'y winasak ang bus. Pagkatapos ay sumugod ako sa kanal na pinagtataguan ng dalagita. At sumigaw ako sa kanya mula sa kakahuyan pero hindi siya sumagot. Lumabas ako at nagpunta sa kalapit na kanal ng irigasyon at lumundag ako roon.

May bahay sa di kalayuan at gumawi ako papunta roon. Nang mga sandaling iyon ay mahigit nang isang oras ang nakakaraan. Kinausap ako ng isang maliit na babaing ubanin, "Ineng, ano'ng nangyari sa iyo?," dahil basa ng dugo ang baro ko. At may isa pang bata sa loob, sabi niya sa akin. At nasurpresa ako, siya iyong dalagita sa bus, tulog na tulog sa ibabaw ng sako. "'Wag mo siyang gisingin, kasi umiyak pa siya nang umiyak bago nakatulog," sabi niya sa akin. "Kung gusto mo, hubarin mo 'yang baro mo at isuot mo itong lumang kumot na ito habang tinatanggalan ko 'yan ng dugo." At binalabal ko ang kumot-Guatemala at nahiga ako sa sako. Bahagya pa lang akong nakakatulog nang magising ako sa boses ng isang matandang lalaki na nakikipag-usap sa matandang babae. At pagkatapos ay narinig kong sinasabi ng matandang lalaki na naghuhukay sila ng kanal sa di kalayuan nang umpisahang barilin ng dalawang helikapter ang bus na numero 38 sa malapit sa labasan ng Apopa at nag-apoy ang bus at winakwak nila ang tiyan ng mga tao para mas madaling masunog ang mga iyon at inilibing sa kanal na mayroon

pang Kristyanong seremonyas.

At kinabukasan, sinabi sa akin ng dalagita na iiwan niya ako sa ospital dahil grabe ang sugat ko. At hindi raw ako makakauwi sa kalagayan kong iyon, at baka mawalan pa nga raw ako ng kamay. At sinabi ko sa kanya, "Sige, lumakad ka na." Dahil nagtitiwala na ako sa kanya na para bang nanay ko na rin siya. At dinala niya ako sa ospital at nagpaalam na siya. Bago siya umalis, itinanong ko sa kanya kung saang baryo siya galing pero ayaw niyang sabihin sa akin. Tinanong ko na lang siya tungkol sa pinsan kong si Arturo, kung natatandaan niya ito, at sinabi niyang may natagpuang bangkay ng isang binatilyong mga kinse anyos. Nagdaan ang isa kong kapatid na lalaki na nagpunta rin sa Bangko, sakay ng ibang bus, at nakita niyang sinusunog ang numero 38 at naisip niya ako; pero walang gustong bumaba at tumingin. At kung saan-saan kami hinanap ng aking pamilya—na sa umpisa'y parang imposibleng gawin—hanggang sa matagpuan nila ako sa ospital. Ganito ang nangyari: tinanong nila ang





kapatid kong lalaki kung nakita niya kaming dalawa ni Arturo. At sinabi niyang hindi, dahil nahiwalay siya at sa ibang grupo napasama at naligaw daw yata kaming magkakasama sa grupo at naiwan ng bus; at siguro daw ay doon kami nakasakay sa numero 38. At nag-alala nang husto ang nanay ko. Hanggang sa matagpuan nila ako.

Inabot ng sampung araw bago gumaling ang sugat ko, at kung hindi nila ako madalaw, ang dahilan ay binabantayan ang lahat ng ospital para matiktikan kung may mga kamag-anak na naghahanap sa mga nasugatan. Pagkaraan ng walong araw, nangahas silang magpunta sa ospital. Kaya lang ay hindi nila natagpuan ang pinsan ko, buhay man o patay. Nang matiyak ni Inay na ligtas na ako, iniuwi na niya ako. "Ay, anak," sabi niya sa akin habang papalapit siya sa

kama ko. "Ay, anak, tingnan mo kung paano tayo nagdurusa dahil sa sobrang kahirapan, isipin mo kung gaano tayo magbanat ng buto pero halos hindi pa rin tayo makaraos kahit sa pagkain, makabili man lang ng patani, kahit hindi na makabili ng damit." At sabi ko naman sa kanya, "'Wag kang mag-alala, Inay, kung lalaban tayo, meron tayong makukuha; bibigyan nila tayo kahit man lang butil na maitatanim, abono para sa mga sakahan nang sa gano'y lumaki ang ani natin." At sinabi niya sa akin, "Ano kaya ang magiging kabayaran ng sakripisyo natin? Hindi ako naniniwalang bibigyan nila tayo ng kahit ano—kababalaghan iyan. Kung hindi tayo magtatrabaho, hindi tayo kakain." At sinabi ko naman sa kanya, "Hindi naman ho tayo namamalimos, iginigiit lang natin ang ating mga karapatan, kasi sabi ng gubyerno dapat magpautang ang Bangko para kahit sino ay may maipambili ng butil at abono." At sinabi niya sa akin, "Tingnan mo, ang bata-bata mo pa, wala ka pang trese anyos, pero obligado ka nang lumabas at itaya ang buhay mo; mas mabuti sana kung ako na lang ang nagpunta sa demonstrasyong iyon sa San Salvador. Sa ano't anuman, matanda na ako. Di bale na kung tamaan nila kami ng bala. Pero wala ka pang masyadong karanasan sa buhay. May karapatan ka pang mabuhay sa mundo; sa tingin ko, iyan lang ang karapatang dapat nating igiit sa gubyerno; ang mabuhay sa mundong ito. May dahilan siguro kaya tayo ipinanganak." At sinabi ko, "Inay, pinalalaki n'yo ang usapan." At galit niyang sinabi, "Pinalalaki! Paano ko palalakihin samantalang ni hindi natin alam kung mawawalan ka ng kamay." At sinabi ko naman sa kanya, "'Wag kayong mag-alala, gasgas lang ho ito, at pinayagan akong lumabas ng ospital kasi ligtas na 'ko." At sinabi niya sa akin, "Isipin mo kung mawawalan ka ng kamay—iyan lang ang nagagamit mo para hindi *magutom*, *para makapagtrabaho*. Ano'ng gagawin mo kung wala kang kanang kamay?"

Ganyan kapag nawawalan ng pag-asa si Inay. Ganyan na siya mula nang hulihin nila ang tatay ko. Nagpunta siya sa Ilobasco para maghanap ng trabaho—maraming matatrabaho doon sa pamimitas ng pinya at maganda ang bayad. Laging wala sa bahay si Itay; naglilibot siya—kung saan may trabaho, naroon siya. Halos hindi na namin siya nakikita kasi nasa labas nga at naghahanapbuhay, kasya lang ang kita para sa pagkain. Kasi, nagtatrabaho kaming lahat para lang may makain. Nabubuhay kami sa milagro. Kung minsan, dalawang linggo bago siya umuwi. No'ng huli kaming magkita-kita, sinabi niyang mawawala siya nang isang buwan, aalis siya para mamitas ng pinya: "Magpapakabait kayo at tutulungan ninyo ang inyong nanay," sabi niya. "Titingnan ko kung madadalhan kita ng kapirasong tela para makapagpatahi ka ng baro," sabi niya sa akin. Dati-rati, hindi siya nawawala nang

ganoon katagal. Sinasabi nilang hinuli siya ng mga Gwardya dahil nag-organisa siya ng mga manggagawang-bukid sa San Salvador. Hindi ko siya nakita doon. Ang dami-daming tao kaya hindi ko siya nakita.

Nag-oorganisa si Itay ng pederasyong Kristyano. Sinabi niya sa akin na kahit bata pa ako, pwede akong sumali sa pederasyon para naman daw matauhan ako. Sumali nga ako pero bihira lang akong makadalo sa mga miting, kasi tinutulungan ko si Inay sa pag-aalaga sa mga kapatid ko. Nagtatrabaho siya sa malaking bahay, naglalaba at namamlantsa. Dahil walang ibang mag-aalaga sa mga kapatid ko, ako ang umaatupag sa gawaing-bahay, inaasikaso ko ang lahat. Kaya pag pinupuntahan ako ng mga tagapederasyon para imbitahan sa miting, hindi ko sila parating napapagbigyan, kasi kapag Linggo pinakamaraming ginagawa si Inay. Kung minsan, sinasabi ng matatalik kong kaibigan, isasama namin kayong lahat, para makalabas kayo kahit paano; aalagaan nila ang mga bata. Ganyan ako nakakadalo sa mga miting, kasama ang mga bata. Kung minsan, nag-aalburoto sila: iyak sila nang iyak. At nararamdaman kong nakakagulo ako nang husto sa aking mga kaibigan. Sinasabi ko sa kanila na huwag na lang akong isama. Madali kasing antukin ang mga bata at sa ganoon, iiyak na ang mga iyon. At sinasabi nila sa akin na patulugin ang mga bata sa lupa. At naglalatag sila ng sako para doon mahiga ang mga iyon. May bulate siguro ang mga iyon kaya iyak nang iyak. Kaya nga sikat ako sa pagdalo sa miting na may kasamang tatlong bata.

Walong buwan lang ang isa sa mga kapatid kong lalaki, ibig



sabihi'y sanggol pa lang siya; dalawang taon iyong isa pa; iyon lang maliit kong kapatid na babae ang hindi nakakagulo. Limang taon siya, at kahit paano'y natutulungan niya ako, siya ang nagbibitbit ng bag. At sinasabi ko kay Inay, "Mabuti na lang at buhay kayo ni Itay, kasi kung hindi sa inyo, imposibleng maasikaso ang gawaing-bahay." Pinag-uusapan namin ang mga bagay na ito habang ipinapahid niya ang mainit na mga dahon ng *guanimo*. Sa kamay kong may sugat. Naroon kami sa malapit sa tinatawag nilang pinto. At sinabi ni Inay, "May naghahanap sa iyo, Maria Romelia." "Patuluyin n'yo," sabi ko. Iyon palang dalagita na nasa demonstrasyon. Iyong nagpababa sa amin nang grupu-grupo mula sa bus. At sinabi ko sa kanya, "Ano'ng ginagawa mo rito?" At sinabi niya sa akin, "Binibisita ko si Lola at nasabi niya sa 'kin na may nasugatan daw na tagarito, may tama ng bala sa kamay, kaya naisip ko na baka ikaw 'yon." At sinabi ko sa kanya, "At ang bait mo, siguro wala ako dito ngayon kung hindi dahil sa 'yo." At sinabi niya sa akin, "Naku, hindi, mabilis kang nakapag-isip at bumaba ka sa bus, gano'n ang ginawa mo." At sinabi ko sa kanya, "Hindi mo paniniwalaan kung ga'no kalaking problema ang dumadating sa 'min." Pero mabuti pa'y huwag kong ipagpatuloy. Sasabihin ko na lang na ang pinsan kong si Arturo, oo nga, tinanggap na naming patay na siya. "Kawawa naman," sabi niya. At ni hindi ko alam ang pangalan niya. Kaya tinanong ko siya, "Ano nga pala'ng pangalan mo?" Dinalhan niya ako ng ilang maliliit na dalanghita para makapag-limonada. Ilang biskwit na korteng-hayop. "Ako si Adolfina, apo ni Guadalupe Fuentes." At tinanong siya ni Inay, "Kanino kang anak?" Sagot ng kaibigan ko, "Anak po ako ni Maria Pia." Inalok ko siya ng biskwit. "Naku, hindi, pa'no pa 'ko kukuha d'yan samantalang maliit na pakete nga lang 'yang nadala ko," sabi niya. At nagpatuloy siyang magsalita: "Ibinigay sa 'kin ng lola ko 'yang paketeng 'yan ng biskwit, pero nang maisip ko na baka ikaw 'yung nakasama ko sa bus, sabi ko dadalhin ko na lang 'yan sa 'yo, at pagkatapos pinitas ko itong mga dalanghitang ito kina Lola; kahuli-hulihan na itong mga ito." At sinabi ni Inay sa kanya, "Lahat tayo naghihirap, kung hindi ganito, ganoon. Tingnan mo ang nangyari sa Tiyo Justino mo." "Galit sila sa 'tin, lalo na dahil namulat tayo," sabi ni Adolfina. "Maraming pahirap ang dinanas ng lolo't lola mo," sabi ko sa kanya. "Si Lola Lupe ang naghihirap sa lahat," sabi niya. "Napipilitan siyang mag-isa—sa bundok na natutulog si Lolo Chepe mula nang pagbantaan nila," sabi pa niya. "Sakuna itong nangyayari sa lugar natin; walang naiiwang kalalakihan sa atin," sabi ni Inay. "Hindi kayo dapat matakot," sabi ni Adolfina. "Oo nga po," sabi ko, malakas ang loob dahil sa mga sinasabi ng kaibigan ko. "Balang-araw, matatapos din ang mga paghihirap natin," sabi ni Inay. "Naiiwang mag-isa tayong mga

babae. Gusto nilang ubusin ang kalalakihan. Isipin ninyo, si Jose, napakabuti niyang tao, sa bundok natutulog." "At ang tatay mo, sa bundok din ba siya natutulog?" tanong ni Adolfina sa akin. "Hindi, hinuli siya ng mga Gwardya at ayaw sabihin ng mga 'yon kung saan siya ikinulong; nawawala siya," sagot ko. "At ano'ng pangalan ng tatay mo?" tanong niya sa akin. "Emilio Ramirez," sagot ko. "May nabalitaan ako tungkol sa kanya," sabi niya. "Ano'ng maikukwento mo sa amin tungkol sa kanya?" tanong ni Inay. "Nahuli po siya kasama ni Itay sa may Ilobasco, pagkarating ko sa bahay ni Lola." "Sawang-sawa na kami sa katatanong tungkol sa kanya. Iniinsulto nila kami, pinagtatawanan nila kami, pero mabuti't natitiis namin lahat ng iyon," sabi ni Inay; huminto siya at pagkatapos ay nagpatuloy, "Anak ka pala ni Maria Pia. Halos hindi ka nagagawi sa lugar na ito para dalawin ang lola mo, kaya hindi kita nakikita. At hindi na nagbalik sa Kilometro ang nanay mo." "Dahil po sa mga bata, nahihirapan na siyang bumisita rito; ako na lang ang nakakapunta paminsan-minsan," sabi ng kaibigan ko. At nagpatuloy siya, "No'ng maliit pa po ako, dinadala nila 'ko rito at tumitigil kami nang ilang buwan, kasi noon, nagpupunta sa Santa Tecla taun-taon ang mga magulang ko para mamitas ng kape at inaalagaan ako ni Lola. Masasabing siya ang nagpalaki sa 'kin; kung makikita n'yo lang kung ga'no ko siya hinahanap-hanap pag hindi ko siya mabisita." "Siguro, nakita na kita minsan sa tindahan ni Don Sebastian, pero hindi tayo nag-usap," sabi ko kay Adolfina. "Oo nga, natatandaan kita. Maliit ka pa no'n, pero kahit lumaki ka na, hindi nagbago ang mukha mo," sabi ni Adolfina. At kung anu-ano pa. "At akalain ninyo, doon pa kayo nagkita sa ganoong kahirap na sitwasyon sa bus; mabuti na lang at nakatakas kayo, pero malamang na doon na namatay ang pamangkin kong si Arturo. Ni hindi nila ibinigay ang bangkay niya. Hindi siya maipagpasiyam ng kapatid ko. Kung kamag-anak ka, asa ka nang asa na balang-araw ay susulpot na lang ang mga iyon dito. Baka naman maawa sila sa dinaranas nating hirap at pakawalan nila ang mga iyon, kung buhay pa," ganyan magsalita si Inay, parating nagrereklamo at punung-puno ng pag-asa, kawawang babae.

At kung anu-ano pa. "Sa tingin ko, malapit na sigurong magunaw ang mundo, katakut-takot na kasamaan ang maaari lang maging paliwanag diyan, isipin ninyo, oo nga, tingnan ninyo ang ginawa sa Tiyo Justino mo, ang laking kahayupan, at isipin na lang ninyo, napakatapang ni Lupe, ni hindi raw siya umiyak, noon pa ako humahanga sa tibay ng loob ng lola mo, wala siyang kapareho, dahil ano ang magagawa mo kundi ang magtiis nang magtiis at maniwala na balang-araw magkakaroon ka ng kaunti man lang katahimikan, na mabubuhay ka nang tahimik at



magkakaroon ng sapat na pagkain ang mga anak mo"—hindi *mo siya mapapahinto* pag natatangay siya ng damdamin, at pag kinontra mo, nag-aalburoto. Pinakikinggan namin siyang maigi. Kawawang Inay, sa loob-loob ko, habang naluluha ang aking kaibigan. Bigla, sinamantala ni Adolfina ang katahimikan: "Alam kong kasama kayo sa pederasyong Kristyano. 'Yan ang paraan: kailangang maorganisa tayo para hindi tayo maabuso. Kasama ako ng mga manggagawang-bukid." Pagkaraan ng ilang sandali, *inumpisahan* naman naming pag-usapan ang kamay ko. "Salamat sa Diyos at ligtas siyang lumabas ng ospital," sabi ni Inay. Di nagtagal at umalis na si Adolfina. Habang papaalis siya, may kung anong humarang sa aking lalamunan.

---

(Ito ay salin ni A.R. Cerrazon ng isang kabanata ng *One Day of Life* [London: Chatto and Windus, The Hogarth Press, 1980. Tr. Bill Brows], ang bersyon sa Inggles ng nobela ni Manlio Argueta ng El Salvador.)



**PANAWAGAN**

Ang ULOS ay pambansang magasin ng sining at panitikang nagsisilbi sa rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka.

Inaanyayahan ang lahat ng makabayang artista't manunulat at mambabasa na mag-ambag ng kanilang makakayanan para sa masiglang paggamit at regular na paglabas ng ULOS:

* Basahin, talakayin, isalin sa lenggwaheng popular sa mga rehiyon, at gamitin sa pagpapasigla ng gawain sa rebolusyonaryong kilusang masa at armadong pakikibaka.

* Mag-ambag ng mga kwento, sanaysay, tula, kanta, maikling dula, komiks (o materyal na maisasakomiks), ulat tungkol sa gawaing pangkultura (aktibidad, grupo, personahe, panunuri, problema, *breakthrough*), likhang biswal (o suhestyon para sa pabalat, ilustrasyon, poster), salin, pananaliksik sa popular na kultura ng masa, at iba pa.

* Mag-ambag ng salapi para sa pag-iimprenta, gamit-upisina at iba pang materyal na pangangailangan.

* Ipaabot ang puna/mungkahi para sa ibayong pagpapahusay ng nilalaman, istilo at pormat.

Ipadala sa Patnugutan ang anumang tulong/mungkahi/ puna sa pamamagitan ng mga kasapi ng ARMAS.